



Panuntunan ng Supplier sa Maayos na Pagnenegosyo

Sa Dole, kami ay isang kumpanya para sa optimong kalusugan ng katawan at pangkalahatang kagalingan na kaagapay sa makabuluhang pagbabago at tuluy-tuloy na pag-unlad na pinapagana at pinag-iibayo ng kagilas-gilas na layunin na matagumpay na marating ang isang makapantay at karampatang mundo. Isang mundo na lahat ng mamamayan edad, kita, lokasyon, lahi, o piniling kasarian - ay may kakayanang makamtan ang malusog at sapat na nutrisyon, na hindi nagpapaubaya sa pangangalaga sa kalikasan at kapaligiran. Hango sa isang pilosopiya mula Japan na 'Sampo Yoshi', inilahad namin ang 'The Dole Promise' na may anim na erya ng epekto sa tao, mundo at kasaganaan.

Kalob sa misyon, ang Dole ay tapat sa pagtupad ng gawain sa pagsasakatuparan ng United Nations (UN) Sustainable Development Goals (SDGs). Maliban sa pagiging bahagi ng UN Global Compact, ang Dole ay tapat sa pagbibigay ng karampatang respeto sa lahat ng Human Rights o Karapatang Pantao na nakasaad sa Universal Declaration of Human Rights (UDHR), International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR), ang International Convention on Economic, Social and Cultural Rights (ICESCR), at ang core conventions of the International Labor Organization's Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work. Ang Dole ay nananatiling tapat sa paggalang ng karapatang Pantao bilang pagsunod sa UN Guiding Principles on Business and Human Rights (UNGPs) bilang pamantayan upang maisaayos ang risks na may pagkukusang maiwasan ang negatibong epekto ng human rights na maaaring maging balakid sa kanyang operasyon bilang isang negosyo.

Isinasagawa ng Dole ang kanyang tapat na pagtugon sa pinaka nararapat na ethical conduct sa pagtrato at pag-aasikaso sa kanyang mga empleyado at sa mga pakikipag ugnayang pagnegosyo sa mga konsyumer, manininda, at mamimili. Ang Code of Conduct at nagsisilbing gabay sa maayos na pagkilos ng mga empleyado, mga opisina, at direktor na may pagsang-ayon sa ugnay na paniniwala. Ang Supplier Code of Conduct ay tumutukoy at sumusuporta sa tuluy-tuloy na implementasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng non-negotiable minimum standards o mga pamantayan na kailangang isagawa ng mga taga-supply, mga empleyado, ahente at subcontractors (tinatawag na "Suppliers"), na respetuhin at gawin habang isinasagawa ang bisnes sa Dole. Ang Suppliers ay tumutuloy sa kahit sinong gumagawa at nagbibigay ng mga produkto o serbisyo sa Dole.

Kungkaya't inaasahan ng Dole at ng mga Suppliers nito na isagawa ang parehong pamantayan o standard ng pagkilos sa mga empleyado nito. Ang mga Suppliers ay responsable sa pagsunod sa Code of Conduct sa lawak ng kanilang mga gawain at responsibilidad ila na turuan ang kanilang mga empleyado, ahente at subcontractors alinsunod dito. Ang Supplier Code of Conduct ay batayang ginagamit pangmalawakan. Nagpapasalamat kami sa lahat ng Suppliers na nagpapakita ng tamang gawain upang tulungan kami sa aming misyon sa paghahanap at pagkalap ng pagkukunan ng aming mga goods o produkto at serbisyo sa responsableng pamamaraan at nagsasakatuparan ng sustainable value o pagpapahalaga sa kabuuan ng supply chain at sa patuloy na pagiging tapat sa tuluy-tuloy na pagpapabuti. Naniniwala si Dole na ito ay isang simula ng paglalakbay, at muli't muling bibisitahin ang Code of Conduct sa ating pagtahak sa pag-unlad na walang isinasalang alang na masamang epekto o pagdulot sa panimula nito sa paggawa ng mabuti.

1. Ang Pagiging Tapat sa Aming Suppliers

Ang aming misyon ay maki-partner sa mga Suppliers sa pagbibigay ng cost effective na mga produkto at serbisyo para sa Dole at ng aming mga mamimili, at magpakita ng responsableng supply-chain management. Mag-abot ng pangmatagalang positive impact o makabuluhang epekto sa pamamagitan ng maayos na pagkilos at tuluy-tuloy na pagpapabuti. Ang Dole ay nagnanais na ipagpatuloy ang matibay na pakikipag ugnayan sa mga Suppliers na tapat sa sustainable development.

1.1 Pamantayan ng business conduct

Sa pagsasagawa ng sourcing, ang mga empleyado at trabahante ng Dole ay inaasahang ibahagi sa Suppliers and pagiging tapat ng kumpanya sa legal, etikal at moral na pamantayan. Ang panloob na paggabay ay nagpapaalala ng mga nararapat na pagkilos sa procurement activities sa lahat ng erya ng paggalang, conflict of interest o di pagkakasunduan, korapsyon, batas ng kumpetisyon, at impormasyong kompidensyal at iba pa. Hinihikayat ang mga empleyado ng Dole na ipagpatuloy na isaalang-alang at pag usapan ang mga isyu ng ethical behavior.

1.2 Mga Mekanismo ng Karaingan

Ang mga representante ng Suppliers ay hindi maisasailalim sa kahit anong diskriminasyon o terminasyon ng kontrata bilang pagganti para sa paniniwala sa maayos na pagsunod sa human rights, pagsumite ng mga reklamo, pagsali sa union at mga gawaing kaugnay nito, o pagsusumbong ng mga kahina hinalang di-legal na gawain. Nagbibigay si Dole ng isang bukas at malayang pamamaraan para sa mga Suppliers nito upang magtanong, at magmungkahi ng tungkol sa gawain at panuntunan ng negosyo sa sustainable.sourcing@doleintl.com.

2. Mga Inaasahan sa mga Suppliers

Ang Dole ay matapat sa pagsunod sa mataas na pamantayang sosyal, pangkapaligiran, at pangkalusugan at pangkaligtasan at inaasahan din ito sa mga Suppliers, batay sa mga prinsipyo ng United Nations Global Compact, UN Guiding Principles on Business and Human Rights at International Labour Organization's (ILO) Declaration on Fundamental Principles at Rights at Work.

2.1 Karapatang Pantao

Pangkalusugang Occupational at Pangkaligtasan sa Trabaho

Nararapat na ibigay ng Suppliers ang isang malusog at ligtas na pook-pantrabaho upang maiwasan ang mga aksidente at pinsala na maidudulot, kaugnay, o kasunod ng pagsasagawa ng trabaho o bilang resulta ng operasyon ng Supplier o di nito pagsunod sa pagpapanatili ng nararapat na ligtas na mga equipment o kagamitan at mga pamamaraan at proseso.

Mga Kundisyon sa Trabaho at Seguridad

Dapat marapatin ng Suppliers ang isang maayos at makatarungang kundisyon sa pagtrabaho na may pagsasagawa ng sapat na seguridad para sa proteksyon ng mga empleyado, contractors na nagsasagawa ng trabaho sa site, kanilang mga assets, at sa mga erya ng di pagkakasunduan.

Sapilitang Paggawa at Modernong Pang-aalipin

Ang mga Suppliers ay mamarapating hindi gagamitin ang trabaho na malayang isinagawa sa ilalim ng banta ng parusa, kasama ang sapilitang pag-overtime, human trafficking, debt bondage, forced prison labor, slavery, o servitude. Ang Forced labor o Sapilitang paggawa ay ang panloloko, paghihipit sa paggalaw, isolation, pisikal o sekswal na karahasan, pananakot at pagbabanta, pagtatago ng dokumentong pagkakailanlan, pagbabawas ng sahod, pagkaalipin sa utang (kasama na ang pangangalap ng bayad para sa recruitment, mapang-abusong pagtrabaho o antas ng pamumuhay), o sobra-sobrang overtime. Sa mga Suppliers na tumatanggap ng mga migranteng trabahante ay dapat manigurado na walang mapaninlang na pagsasagawa ng recruitment or pangangalap ng bayad kapalit ng trabaho.

Child Labor at Kabataang Manggagawa

Mahigpit na ipinatutupad na ang supplier ay hindi magpapatrabaho ng mga bata sa edad na labinlimang gulang (15) o mas bata pa sa pinakamababang legal na edad ng pagtatrabaho o base sa edad na nakapagtapos na ng pag-aaral sa tinutukoy na lugar o bansa. Bahagi nito ang paninigurado ng Suppliers sa pagpapatunay ng edad base sa mga dokumento. Sa pagkakataong may kabataan, dapat ay siguradong hindi sila mapailalim sa mapanganib na trabaho na maaaring magdulot ng mental, pisikal, sosyal at moral na panganib sa kanila o maaaring maging sagabal sa kanilang edukasyon.

Walang diskriminasyon, harassment o panliligalig o mapang-abusong pag-uugali

Ang lahat ng trabahante ay nararapat na respetuhin at bigyan ng dignidad. Walang trabahante ang dapat sumailalim sa kahit anong pisikal, sekswal, sikolohikal, pananalita ng panliligalig o verbal harassment, pang-abuso, o iba pang uri ng pananakot. Marapat na walang diskriminasyon sa trabaho mula sa pagkuha o pagpili ng trabahante, pagbabayad ng sweldo, pagpapaubaya ng paunang sweldo, pagdidisiplina, pagwawakas ng kontrata at pagreretiro. Ang kahit anong uri ng diskriminasyon tulad g base sa lahi, etnisidad, edad, tungkulin, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, kulay ng balat, pananampalataya, pinagmulang bansa, pagkakakilanlang sekswal, katayuan sa pag-aasawa, pagbubuntis, mga umaasang kapamilya, kapansanan, panlipunang uri, pagiging

NAAAYON PARA SA DOEL INTERNATIONAL HOLDINGS, INC. AT ANG SAKOP NITONG MGA KASAPI NA SUBSIDIARIES, NA TINATAWAG NA "DOLE."



Panuntunan ng Supplier sa Maayos na Pagnenegosyo

miyembro o bahagi ng union o pagkakaroon ng politikal na pananaw. Binibigyan diin ang atensyon sa mga grupong may kahinaan o espesyal na pangangailangan katulad ng mga kababaihan, kabataang trabahante, migrante at mga taong katutubo.

Sahod, Benepisyong at Mga Tuntunin sa Pagtatrabaho

Ang mga empleyado at trabahante ay babayaran base sa local industry rate o nararapat na sa ipinatutupad ng batas o kung ano man ang mas mataas at benepisyong mula sa social security at mula sa karampatang legal. Sa pagkakataong walang nakatuon na minimum wage o sa isang bansa, gagamitin ang makatarungan at disentang pagsasaalang-alang ng mga Suppliers upang mabayaran ng sapat ang mga trabahante sa bansang ito base sa gastos na pang-araw-araw, mga benepisyong sosyal at pamantayan ng pamumuhay.

Oras ng Trabaho

Sinisugardo ng Suppliers na ang mga empleyado nito ay nagtatrabaho alinsunod sa batas ng empleyo at sa ipinag-uutos ng industriya sa kung ilang oras, overtime at araw ng trabaho. Sa pagkakataong may di pag sang-ayon ang statute at ang industriya, ang Supplier ay dapat magdesisyon ng maayos sa isa kung saan sumusunod sa batas ng bansa kung saan nagtatrabaho ang mga empleyado o trabahante nito.

Kalayaan sa Pagsasamahan at Collective Bargaining

Nirerespeto ng mga Suppliers ang karapatan ng mga trabahante nito na mamili at magdesisyong sumali, makiisa o tumanggi sa pagsali, makibahagi at makiugnay at mag organisa sa collective bargaining na ayon sa maayos at naaayon sa batas na walang binabayaran multa, harassment o panliligalig, diskriminasyon o panghihimasok.

Karapatan sa Lupa

Laging prayoridad ang pagrespeto sa karapatan at titulo sa kahit anong pagmamayari ng lupain ng isang indibidwal, katutubo at lokal na komunidad. Ang lahat ng negosasyon patungkol sa pagmamayari o kalupaan kasama na ang paggamit o pagsasalin ng pagmamayari ay nararapat na sumusunod sa mga batas at sa prinsipyo ng pagiging malaya, pagsasabi at kaalamang pahintulot, pagiging matapat sa kontrata at maayos na pagsisiwalat.

Lokal na Komunidad

Ang mga karapatan ng lokal na komunidad ay kikilalanin ng may respeto. Ang mga Suppliers ay dapat makibahagi ng makabuluhan at tuloy-tuloy sa komunidad. Dapat din siguraduhin ng Suppliers na may maayos, malusog at ligtas na kalagayan ng pamumuhay habang sinusupportahan ang pagpapalakas ng komunidad at paglikha ng mga oportunidad sa trabaho.

2.2 Responsibilidad sa Kapaligiran

Pagsunod sa Regulasyong Pangkapaligiran

Igagalang ng mga Suppliers at susunod sa mga hinihinging regulasyong pangkapaligiran sa lahat ng antas (lokal, nasyonal, at internasyonal). Sa lahat ng mga gawain, kailangang kumuha ng mga pangkapaligiran permit at lisensya, suportahan ang paraan ng pag-iingat sa mga hamon ng kapaligiran.

Pamamahala sa Epekto sa Kapaligiran

Dapat siguruhin ng mga Suppliers na may maayos na sistema na naaayon sa laki at sakop ng negosyo upang mapamahalaan ang mga aspetong pangkapaligiran, kasama ng mga hakbang upang masuri, kontrol at i-minimize ang mga epektong pangkapaligiran. Ipatatupad ng mga Suppliers ang mga karampatang polisiya o patakaran na may pagpapahalaga sa kapaligiran sa lahat ng operasyon at gawain sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga tungkulin sa loob ng organisasyon upang

maging responsable sa mga paksang pangkapaligiran. Ang mga Suppliers ay dapat manguna sa mga hakbang upang pangunahan o pigilan ang mga insidente at patuloy na pagbutihin ang kanilang pagkilos para sa kalikasan.

2.3 Integridad sa Negosyo

Pagsunod sa mga Batas

Ang lahat ng mga batas at regulasyon ay dapat sundin sa mga bansa kung saan ang Supplier ay nagpapatakbo ng negosyo. Lahat ng mga naaangkop na batas at regulasyong pang internasyonal ay susundin, kasama ng mga pamantayan sa internasyonal na kalakalan (kasama ng mga parusa, pagkontrol sa export at obligasyon sa pag-uulat), proteksyon sa mga data o impormasyon and antitrust/competition laws. Sa pagkakataong hindi maisasatupad ng mga batas nasyonal ang mga pamantayang pang internasyonal, ang susundin ay ang mas nakatataas na pamantayan.

Panunuhol at Korapsyon

Ang mga Suppliers ay hindi dapat tumangkilik at tumanggap sa kahit anong klase ng panunuhol at magsagawa nito sa mga paraang (kickback, pagbabayad sa pagpapadali ng proseso, pagbibigay o pangtanggap ng regalo, hospitality, grants o pabor at donasyon) kaugnay sa kanilang pakikipag negosyo sa mga customers at opisyal o awtoridad. Inaasahan na ang mga Suppliers ay malinaw at matapat na magsagawa ng negosyo na ayon sa dokumentong isinulat at nilagay sa rekord. Kasama nito ang hindi pagkuha ng empleyadong mula sa ibang partidong panlabas upang magsagawa ng panunuhol.

Mga Kasalungat ng Interes

Ang kahit anong di pagkakasundo o kasalungat na interes sa mga pakikipag negosyo sa Dole, kung saan may kamalayan ang Supplier, ay idedeklara sa Dole at pinahihintulutan itong kumilos na naaayon sa pangangailangan. Kahit anong pagmamayari at interes na benepisyong negosyo ng Supplier na may pag-uugnay sa opisyal ng gobyerno, representante ng political party o empleyado ng Dole ay kailangang ideklara sa Dole bago simulan ang negosyo sa pagitan nila.

Mga Regalo at Mabuting Pakikitungo

Ang kahit anong pakikitungo na ini-sponsor ng Supplier na magdudulot ng benepisyong sa mga empleyado ng Dole at ng mga representante nito ay dapat alinsunod sa maayos na pangangatwiran, at nakaayon sa pagpapabuti ng negosyo at relasyon at hindi nito dapat maimpluwensyahan ang mga desisyon ng Dole sa pagbibigay ng oportunidad sa negosyo sa hinaharap. Ang pagbibigay ng mga regalo ay dapat isagawa ng may pagtitipid at alinsunod sa mga polisiya ng kumpanya.

Mga Batas ng Kompetisyon at Impormasyong Kumpidensyal

Ang mga Supplier ay susunod sa lahat ng nararapat na antitrust at competition laws o batas ng kompetisyon sa kanilang pakikipag ugnayan sa Dole at umaayon sa zero-tolerance policy sa kahit anong uri ng paglabag ng mga batas na ito. Marapat na iwasan ng mga Suppliers na maghain ng mga usapin ng kontrata na maaaring taliwas sa mga batas ng kompetisyon. Pinag lingat din ang mga Supplier na magsagawa ng mga hakbang ng proteksyon upang maiwasan ang pagsisiwalat ng mga sensitibong impormasyong pang komersyo na maaaring patungkol sa kanilang pakikipag ugnayan sa Dole at sa mga partidong panlabas, na dapat pahintulutan ng Dole.

Pagsunod sa Regulasyon ng Produkto

Nararapat na siguruhin ng mga Supplier na ang lahat ng mga produkto at serbisyo ay sumasang ayon at sumusunod sa mga regulasyon at batas at sa mga isinasaad na spesifikasyon at obligasyong kontraktwal sa mga kontratang pinasukan nito.

Implementasyon

Maaaring gamitin ng Dole ang kanyang karapatan na makilala ng husto at patunayan ang pagsunod ng Supplier sa Supplier Code of Conduct. Gayunpaman, inaasahan ang matapat na pakikitungo ng Supplier sa pagpapatupad ng mga nakasaad sa Code of Conduct sa pamamagitan ng masusing pagrereport ng mga nasusukat at tuloy-tuloy na pagbabago sa mga pagkilos o gawain. Sa mga pagkakataong kinakailangan, makikipag ugnayan ang Dole sa mga Suppliers na masolusyunan ang mga hamon kinakaharap nito. Subalit sa mga pagkakataong ang Supplier ay walang malinaw at matapat na pagkilos upang maiwasan o pigilan, pagaanin, pagsasaalang-alang ng mga negatibong epekto o kaya't may patuloy na kakulangan sa pagkilos at pagpapabuti, maaaring isaalang-alang ang pagwawakas ng kontrata at ugnayan. Maaaring gamitin ng Dole ang kanyang karapatang wakasan ang mga kontrata sa pinakamabilis na pagkakataon lalo't sa kaso ng di pagsunod sa Supplier Code of Conduct. Ang patuloy na pagganap ng mga Supplier ay mahalaga sa aming desisyong makipag ugnayan o ipagpatuloy ang isang ugnayang pangnegosyo.

NAAAYON PARA SA DOEL INTERNATIONAL HOLDINGS, INC. AT ANG SAKOP NITONG MGA KASAPI NA SUBSIDIARIES, NA TINATAWAG NA "DOLE."